7

# Learning Activity Sheet sa FILIPINO

## Kuwarter 3-Week 3 - MELC 4

Pagsulat Ng Sariling Tula/Awiting Panudyo, Tugmang De Gulong At Palaisipan



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Pangalan ng Mag-aaral:_____________________ Taon at Pangkat:_____________
Petsa: ______________

# FILIPINO 7 ACTIVITY SHEET

## PAGSULAT NG SARILING TULA/AWITING PANUDYO, TUGMANG DE GULONG AT PALAISIPAN

## I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

Naisusulat ang sariling tula/awiting panudyo, tugmang de gulong at palaisipan batay sa itinakdang mga pamantayan**. F7PU-IIIa-c-13**

## II. PANIMULA (SUSING KONSEPTO)

### MGA ELEMENTO NG TULA

- **Sukat**- tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong,
  ***Pantig*** – ang paraan ng pagbasa
  Halimbawa:
  isda = is da = dalawang pantig
  Ako ay isang tao = A ko ay i sang ta o = pitong pantig

**May apat na uri ng sukat ito:**

***Wawaluhin*** – walong pantig
***Lalabindalawahin*** – sandosenang pantig
***Lalabing-animin*** – labing-anim na pantig
***Lalabing-waluhin* –** labing-walong pantig

- **Saknong**- tumutukoy sa isang grupo sa loob ng isang tula na may dalawa o maraming taludtod
  2 na taludtod – couplet
  3 na taludtod – tercet
  4 na taludtod – quatrain
  5 na taludtod – quintet
  6 na taludtod – sestet
  7 na taludtod – septet
  8 na taludtod – octave

- **Tugma**- Ang tugma ay tumutukoy sa magkakasintunog ng huling pantig ng huling salita ng bawat linya.

**May dalawang uri ito:**

1. Tugmang ganap (Patinig)
2. Tugmang di-ganap (Katinig)

Halimbawa:
Mahirap suma<u>ya</u>
Ang taong may sa<u>la</u>

- **Kariktan**
  Ito ay mga maririkit na salita para mapasaya ang mambabasa at mapukaw ang damdamin at kawilihan

  Halimbawa:
  Maganda – marikit
- **Talinhaga**- Ito naman ay tumutukoy sa mga di-tiyak na pagtukoy ng mga bagay na binabanggit.
- **Tayutay**- Paggamit ng pagwawangis, pagtutulad, pagtatao ang ilang paraan upang ilantad ang talinghaga sa tula.

## III. SANGGUNIAN

https://philnews.ph/2019/09/06/elemento-ng-tula-ano-ang-limang-

## IV. MGA GAWAIN

### GAWAIN 1

Sumulat ng sariling halimbawa ng tulang/awiting panudyo na binubuo ng isang saknong na pumapaksa tungkol sa panunukso o pagbibiro na kadalasang naririnig at nilalaro ng mga kabataan sa kalye o sa mga pook palaruan. Maaaring Hiligaynon o Filipino ang gagamiting wika sa pagbuo nito.

***KRAYTERYA SA PAGBIBIGAY NG ISKOR:***

| | |
|---|---|
| Orihinalidad at Nilalaman | **4** |
| Pagkamalikhain | **3** |
| Sukat at tugma | **3** |
| KABUUAN | **10** |

### GAWAIN 2

Sumulat ng halimbawang Tugmang de Gulong na magbibigay ng paalala o babala sa mga pasahero at mga manlalakbay lalo na sa panahon ngayon na may COVID-19. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng isang kasabihan o maikling tula na binubuo ng isang saknong.

***KRAYTERYA SA PAGBIBIGAY NG ISKOR***

| | |
|---|---|
| Orihinalidad at Nilalaman | **4** |
| Pagkamalikhain | **3** |
| Sukat at tugma | **3** |
| KABUOAN | **10** |

### GAWAIN 3

Sa normal na pagbabalik ng klase ay makakasama mo na ang iyong mga kaibigan at mga kamag-aral sa paaralan, para mas maging masaya ang inyong pag-uusap at pagsasama ay gumawa ng isang halimbawa ng Bugtong o Palaisipan kung saan magbibigay ng aliw at at sigla sa kanilang isipan. Pipili lamang kung ang gagawin ay Bugtong o Palaisipan.

## ***KRAYTERYA SA PAGBIBIGAY NG ISKOR***

| | |
|---|---|
| Orihinalidad at Nilalaman | **4** |
| Pagkamalikhain | **3** |
| Sukat at tugma | **3** |
| KABUOAN | **10** |

## **REPLEKSIYON**

Natutuhan ko sa pagsulat ng Tulang Panudyo,Tugmang de Gulong, Bugtong at Palaisipan ay :

## **SUSI SA PAGWAWASTO:**

***Ang iskor ng mag-aaral sa bawat gawain ay nakabatay sa binigay na krayterya ng guro.***